



Brad Hazzard
Minister for Health

MEDIA RELEASE

Martes, ika-5 ng Hulyo 2022

HINAHARAP NG NSW ANG PINAKABAGONG PAGLAGANAP NG COVID-19

Lahat ng tao sa NSW ay hinihiling na seguruhin na sila ay up-to-date sa kanilang mga pagbabakuna laban sa COVID19 at ugaliin ang mga COVID-safe na gawi habang ang kasalukuyang paglaganap ng impeksyon, na pinangungunahan ng mga subvariant ng Omicron na BA.4 at BA.5, ay patuloy na lumalago.

May mga pangamba na ang bilang ng mga malubhang sakit at dami ng namamatay ay malaki ang pagtaas kung hindi kaagad na magpapa-booster ang mas maraming tao at ugaliin ang mga COVID-safe na gawi.

Sinabi ni Health Minister Brad Hazzard na ipinapakita ng mga datos na 56 porsyento (1,232) sa mga namatay na kaugnay sa COVID ngayong taon ay mga taong nakatanggap lamang ng dalawa o mas kaunting dosis.

“Tayo ay nasa simula ng pangatlong paglaganap ng Omicron na malamang na aabot ng kasukdulan sa hulihan ng Hulyo o maagang Agosto. Itong pagtaas ng hawaaan sa komunidad ay magdadala ng lubhang nadagdagan na panganib para sa mga taong hindi up-to-date ang kanilang mga pagbabakuna,” sinabi ni G. Hazzard.

“Ang pinakamahasag na paraan na maprotektahan ang iyong sarili mula sa matinding karamdaman o mas masahol pa ay ang pagbabakuna sa lahat ng maibibigay sa iyo.”

Kung ikaw ay kumpleto ng nabakunahan, mayroon kang 65 porsyento ng mas malakas na proteksyon laban sa pagkaka-ospital o pagkakamatay mula sa Omicron kaysa sa pagkakabakuna ng dalawang dosis ng bakuna lamang, ayon sa datos mula sa National Centre for Immunisation Research and Surveillance.

Sinabi ni NSW Chief Health Officer, Dr. Kerry Chant na bukod pa sa pagpapalista para sa booster, ang mga tao ay dapat na gumamit ng kanilang common sense at magsuot ng maskara sa mukha sa mga pampublikong loob ng gusali, kung saan hindi maaaring mapanatili ang pisikal na pagdistansya.

“Ang mga maskara sa mukha, malinis na kamay, pamamalagi sa bahay kapag may sakit, pagsusuri ng sarili kung may mga sintomas, pisikal na pagdistansya - lahat ng mga hakbang na ito ay hindi bago sa atin,” sinabi ni Dr Chant.

“Kung hindi tayo magkaisa muli, ang bagong paglaganap na ito ay matinding tatama sa mga paaralan at negosyo, na kagaya ng ginawa noon ng BA.1, na nagpaliban sa trabaho ang libo-libong mga manggagawa.”

Ang mga matatanda at iyong mga may malalang kondisyon sa kalusugan ay pinaalalahanan na makipag-usap sa kanilang GP o propesyonal sa kalusugan tungkol sa mga panlaban sa mikrobyo (antiviral) na gamot kapag sila ay magkasakit ng COVID-19. Ang mga antiviral ay pinakamahasay na gumagana kapag iniinom sa loob ng limang araw mula sa simula ng mga sintomas.

Ang mga [booster dose](#) laban sa COVID-19 ay inirerekomenda sa sinuman na may 16 taong gulang at mas matanda na nakapagbakuna sa kanilang huling dosis sa pangunahing kurso nang hindi bababa sa tatlong buwan na ang nakalipas.

Upang malaman ang pinakamalapit sa inyo na klinika ng pagbabakuna, bisitahin ang nsw.gov.au.

MEDIA: Nicolette Kormendy | 0429 064 897